PANTAO
International Journal of the Humanities and Social Sciences
ISSN 3028-0877
Volume 4, Issue 1 (2025)

# MAPEHFIL: pagbuo ng e-kagamitang pampagtuturo sa MAPEH 8 gamit ang wikang Filipino

**Marichu V. Rafa**
Labo National High School
Department of Education
Division of Camarines Norte, Philippines
Email: marichu.rafa001@deped.gov.ph

**Abstrak:** Sa kasalukuyang panahon ng teknolohiya, hindi natin maikukubli ang impluwensya ng mga digital na kagamitan sa ating pang-araw-araw na buhay. Sa larangan ng edukasyon, ang paggamit ng e-kagamitang pampagtuturo ay nagbubukas ng maraming oportunidad at benepisyo sa mga guro at mga mag-aaral. Malaki din ang papel na ginagampanan ng wika sa proseso ng pagkatuto, nakasalalay dito ang lubusang pag-unawa sa mga araling tinatalakay. Nilalayon ng pag-aaral na ito na makabuo ng e-kagamitang panturo sa Mapeh 8 gamit ang wikang Filipino. Ginamit sa pag-aaral ang disenyong deskriptibong pananaliksik sa pamamaraang purposive sampling technique. Ang purposive sampling technique ay nagamit upang masuri ang paggamit ng e-kagamitang pampagtuturo sa Mapeh 8 gamit ang Filipino bilang midyum. Sa pagsusuri sa pahayag ng mga guro, lumabas na malaking tulong ang pagbuo ng elektronikong kagamitan para sa mas epektibo at malinaw na pagtalakay ng mga aralin. Ang persepsyon naman ng mga guro sa paggamit ng wikang Filipino bilang midyum ay lumabas na ang mga paksang araliln ay mas madaling maintindihan, may magandang interaksyon sa pagitan ng guro at mag-aaral. Sa kabuuan, naipakita sa pag-aaral na malaking kontribusyon ang nasabing e-kagamitan sa proseso ng pagkatuto at bilang kagamitang panturo ng mga guro. Iminumungkahi ang pagpapatuloy sa paggamit ng wikang Filipino sa mga talakayan at ganundin ang pagbuo ng e-kagamitan bilang karagdagang panturo.
Mga Susing Salita: E-kagamitan, Wikang Filipino, MAPEH

Susing Salita: E-kagamitan, Wikang Filipino, MAPEH

Date Submitted: January 17, 2025
Date Accepted: February 11, 2025
Date Published: March 14, 2025

## PANIMULA

Ang wika ay susi ng pagkakaunawaan sa loob ng silid-aralan (Benson, 2005). Taglay ng wika na maisalin ang karunungan mula sa mga guro patungo sa kanyang mga mag-aaral. Ito ay nagsisilbing daluyan ng kaalaman na siyang nagsasabi ng pagkatuto at kalinangn ng bawat nilalang. Ito rin ang nagpapaunlad ng kakayahan at kaalaman sa pamamagitan ng kanyang pag-aaral gamit ang wika. Subalit isa sa balakid upang dumaloy ang lubos na pagkaunawa sa mga asignatura ay ang midyum na ginagamit sa pagtuturo dito. Hindi madali para sa mga mag-aaral na maunawaan ang konsepto ng aralin gamit ang wikang Ingles. Nagkakaroon din sila ng alinlangan na maipahayag ang anumang ideya, kaisipan at saloobin na kanilang nalalaman. Dahil dito, ito ay nagdudulot ng kalituhan at isang sagabal sa kanilang mas mabilis na kalinangan at pagkatuto.

Malaki ang papel na ginagampanan ng wika sa lubos na pagkatuto ng bawat mag-aaral sa mga paksang-aralin sa paaralan. Ang wikang ginagamit sa pag-aaral ay lubhang nakakaapekto sa pagkatuto at pag-unawa. Ang wika sa paaralan ay ang wika sa pang-edukasyon na siyang nagsisilbing komunikasyon at siyang nagkakaroon ng kakayahang kumuha at makapagbahagi ng kaalaman, ng mga mithiin at nararamdaman.

Ang pananaliksik na ito ay tungkol sa pagbuo ng mga e-kagamitang pampagtuturo sa Mapeh 8 gamit ang wikang Filipino. Layunin din ng pag-aaral na ito na magamit ang Filipino bilang midyum ng pagtuturo sa nasabing asignatura. Sabi nga ng marami, kung sariling wika ang siyang gagamitin sa pag-aaral o pagtuturo sa anumang aralin, mas madaling matututo ang bawat estudyante sapagkat konsepto na lang ng mga aralin ang dapat na mapagtuunan ng

pansin. Dagdag pa, mas madali at magaan sa bawat mag-aaral ang makapag-isip at makapagbahagi ng kanilang ideya at saloobin gamit ang wikang palagian na niyang ginagamit.

Ayon kay Vivencio Jose (2015), wikang Filipino ang dapat na gamiting midyum sa pagtuturo sapagkat mas madaling matututo ang mga mag-aaral kung ang wikang kanilang nauunawaan ang gagamitin ng guro sa pagtuturo. Malaya at mas madali sa huli na ipahayag ang kanilang ideya, kaalaman gamit ang wikang kanilang kinasanayan at palagiang ginagamit.

Ang paggamit ng ibang lenggwahe sa pagtuturo sa paaralan gaya ng Ingles ay nagsimula sa pagdating sa ating bansa ng mga Amerikano. Anila, ang dayuhang wika ang siyang dapat na pairalin sa loob ng silid-aralan kung kaya nga hanggang sa kasalukuyan ay isa ito sa wikang umiiral bilang midyum ng pagtuturo. Subali't batid natin na hindi naman lahat ay ganoon kabilis at kabihasa upang gamitin at makaunawa ng nasabing wika. Ayon nga kay Malabanan(2008), nakakaabala sa pagkatuto ng mga mag-aaral ang wikang Ingles sapagkat kinakailangan pa nilang magsalin ng mga salita sa kanilang isipan.

Nakasaad sa Artikulo XIV, Seksyon 6 na ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino, samantalang nalilinang, ito ay dapat payabungin at pagyamanin pa salig sa umiiral na mga wika ng Pilipinas at sa iba pang mga wika. Alinsunod sa mga tadhana ng batas at sang-ayon sa nararapat na maaaring ipasiya sa Kongreso, dapat magsagawa ng hakbangin ang pamahalaan upang ibunsod at puspusang itaguyod ang paggamit ng wikang Filipino bilang midyum ng opisyal na komunikasyon at bilang wika ng pagtuturo sa sistemang pang-edukasyon. Sa kabila ng mga probisyong ito, batid natin na higit pa ring umiiral ang paggamit ng wikang Ingles bilang midyum ng pagtuturo at pag-aaral sa mga paaralan sa anumang antas.

Sa kasalukuyan, hindi na lamang ang harapang pagtuturo ang maaaring mapagkunan ng mga mag-aaral ng mga kaalaman sa kanilang mga aralin. Kasabay ng mabilis na pag-unlad ng ating teknolohiya, maaari na ring magamit ng ating mga estudyante ang iba't ibang elektronikong kagamitan gaya ng recorded video lessons, radio based instruction gamit ang kani-kanilang mga gadgets sa pag-aaral. At batay nga sa Deped Order Blg18 s. 2020, isang polisiyang gabay upang makapagbigay at makabuo ang Kagawaran ng Edukasyon ng mga kagamitang pagkatuto para sa mga mag-aarl. Sa ilalim din ng panukalang ito, binibigyang-pansin ang pagpondo at pag-aapruba sa mga nabuong kagamitang pagkatuto. At sa pag-aaral na ito, ang mananaliksik ay bubuo ng video lessons/radio-based instructions sa asignaturang Mapeh 8 gamit ang wikang Filipino.

*Pagbuo ng e-kagamitang pampagtuturo*

Layunin ng pananaliksik na ito ang paglikha ng e-kagamitang pampagtuturo sa MAPEH 8 gamit ang wikang Filipino. Ayon kay Abad at Ruedas (2001), ang mga kagamitang pampagtuturo ay nakakatulong sa mas epektibong pagkatuto sa pamamagitan ng pagpapataas ng interes at motibasyon ng mga mag-aaral.

Sa pananaliksik nina Ramos (2019), Cruz (2020), at Esteban at Alcantara (2018), lumabas na ang paggamit ng e-kagamitan tulad ng video tutorials, interactive activities, at educational apps ay nagpapabuti sa pag-unawa at kasanayan ng mga mag-aaral sa MAPEH. Ayon kay Sarmiento et al. (2019), epektibo rin ito sa pagpapalawak ng kaalaman sa musika, sining, at edukasyong pisikal.

Ang paggamit ng wikang Filipino bilang midyum sa pagtuturo ay pinagtibay sa pananaliksik nina Hermosa, Bathan, at Bitonio, na nagpakitang mas nauunawaan ng mga mag-aaral ang aralin sa MAPEH gamit ang kanilang unang wika. Bukod dito, ipinakita nina Dizon et al. (2020) at Dangallo (2021) ang benepisyo ng e-kagamitan sa pagpapadali ng pagkatuto gamit ang Filipino.

Ang teknolohiya rin ay may malaking papel sa pagtuturo ng MAPEH. Ayon kina Targholizadeh at Mahdizadeh (Iran), Huang (USA), at Karsenti at Fievez (Canada), ang digital tools ay nagbibigay ng mas interaktibong karanasan sa edukasyong pisikal, musika, at sining.

Suportado rin ito ng lokal na pananaliksik nina Comia at Padios, na nagpakitang epektibo ang e-learning module sa musika gamit ang Filipino.

Sa kabuuan, mahalaga ang paggamit ng e-kagamitan at wikang Filipino sa pagtuturo ng MAPEH upang mapataas ang interes, pag-unawa, at kasanayan ng mga mag-aaral.

## METODOLOHIYA

### *Paraan ng Pagpili ng mga Kalahok*

Ang mga guro sa Mapeh 8 ng Labo Cluster A ang siyang nagsilbing tagatugon ng mananaliksik. Ito ang napili ng mananaliksik sapagkat hindi sapat ang panahon kung lahat ng mga guro sa Labo East ang magigiging tagatugon. Ganundin, ang mananaliksik ay nabibilang sa nasabing klaster kung kaya't ito din ang naging batayan niya sa kanyang pagpili. Sa kasalukuyan, ang mananaliksik ay nagtututuro na asignaturang Mapeh 8 kaya higit na nakapukaw ng kanyang atensyon ang ilang mga suliraning kinakaharap ng mga guro maging ng mga mag-aaral sa ikawalong baitang sa nasabing asignatura. Gumamit ng talatanungan ang mananaliksik upang makakalap ng datos na kakailanganin sa pag-aaral.

Ang talatanungang gagamitin ay may dalawang parte kung saan sa unang bahagi ay aalamin ang mga e-kagamitang ginagamit nila sa kanilang pagtuturo at kung ano ba ang naitutulong ng paggamit ng mga ito sa pamamagitan ng multiple choice. Sa ikalawang bahagi naman ay ay binubuo ng sampung katanungan na ang magiging tugon ng respondente ay Lubos na Hindi Sang-ayon, Hindi Sang-ayon, Sang-ayon, Sang-ayon na Sang-ayon at Lubos ng Sang-ayon sa mga katanungan Bilang 1 hanggang Bilang 7. At para sa Bilang 8 hanggang 10, ang kanilang magiging tugon ay Lubos na hindi mabisa, Hindi Mabisa, Mabisa, Mabisa na Mabisa at Lubos na Mabisa. Ang mga katanungang nakapaloob dito ay upang matasa ang kabisaan ng paggamit ng wikang Filipino bilang midyum ng pagtuturo sa Mapeh 8. Layunin ng mananaliksik na matugunan ng talatanungan ang mga pangangailangan ng pag-aaral upang mabigyan ng kasagutan at kalinawan ang mga suliraning inilatag nito.

### *Paraan ng pangangalap ng datos*

Upang makapangalap ng maaasahang datos, nagsimula ang mananaliksik sa pagbuo ng talatanungan na ipinaapruba sa Propesor ng Metodo ng Pananaliksik na si Dr. Rose Ann Aler upang makasigurong mahahanap ang mga nais matuklasan ng mga mananaliksik.

Sumunod dito ang paghingi ng pahintulot sa tanggapan ng Punong Tagapamanihala ng Camarines Norte upang makapagbigay ng talatanungan sa pamamagitan ng google form sa mga gurong nagtuturo ng Mapeh 8 sa Labo East, Cluster A. Sa oras na mabigyang pahintulot, ang mga mananaliksik ay magsisimula nang magpadala ng talatanungan sa gmail/deped email ng mga gurong nagtuturo ng Mapeh 8. Maglalaan ng ilang 1 hanggang 3 araw upang maghintay sa mga magsasagot sa talanungan sa google form.

Ang resulta ng sarbey ay ibabase sa mga magiging sagot ng mga guro. Iaanalisa ng mananaliksik ang mga ito upang siyang maging datos para malaman ang kanilang opinyo sa kahalagahan ng pagbuo/paggamit ng e-kagamitang pampagtuturo sa Mapeh 8 gamit ang Wikang Filipino.

Ang resulta ng sarbey ay ibabase sa mga magiging sagot ng mga mag-aaral. Iaanalisa ng mga mananaliksik ang mga ito upang siyang maging datos para malaman ang kanilang opinion sa pagbuo ng e-kagamitang pampagtuturo sa Mapeh 8 gamit ang wikang Filipino.

### *Istadistikal na pamamaraan*

Ang mananaliksik ay gumamit ng Purposive sampling sa kanyang pag-aaral. Ayon kay Crossman (2018), nakailalim sa non-probability sampling ang purposive sampling technique. Ang pamamaraang ito ay kailangang ng mausisang pagpili ng respondente sa kadahilanan na

marapat na masunod ang kraytirya na inihanda ng mananaliksik. Napili ng mananaliksik na maging respondente ang mga guro sa ikawalong baitang na nagtuturo ng Mapeh sa Labo Cluster A. Eto ang napili ng mananaliksik sa kadahilanang kulang ang panahong gugugulin sa pangangalap ng datos kung ang buong Labo cluster A at B ang magiging tagatugon. Ang mananaliksik ay kabilang sa guro sa Labo Cluster A, kung kaya't madali na ang pagkalap ng datos sa mga guro sa nasabing grupo.

## PAGLALAHAD NG RESULTA NG PANANALIKSIK

Ang bahaging ito ay tumatalakay sa mga nakalap ng datos hinggil sa pagbuo ng e-kagamitang pampagtuturo sa Mapeh 8 gamit ang wikang Filipino, kung saan ito ay inilahad at binigyang interpretasyon.

Batay sa resulta ng pananaliksik, natuklasan na ang mga guro ng MAPEH 8 sa Labo East ay mas madalas gumamit ng laptop bilang pangunahing kagamitang pampagtuturo, na nagpapakita ng mataas na antas ng integrasyon ng teknolohiya sa kanilang mga klase. Ayon sa mga guro, mas nagiging epektibo at buhay ang talakayan sa tulong ng makabagong teknolohiya, alinsunod sa pananaliksik ni Dede (2009) na nagsasabing ang paggamit ng teknolohiya ay nakatutulong sa mas mahusay na pagkatuto. Kaugnay nito, lumabas sa datos na ang lahat ng sampung guro ay may pamilyaridad sa e-kagamitang pampagtuturo tulad ng website, infographic materials, at mobile applications. Gayunpaman, mas pinipili nilang gamitin ang mga website tulad ng YouTube, Google, Scribd, at iba pang blog sites, kung saan 90% ng mga guro ang mas pinapaboran ito kaysa sa mobile applications, na ginagamit lamang ng 10% ng mga respondente. Ayon kay Gonzales (2020), ang mataas na paggamit ng mga website ay may lohikal na dahilan dahil ito ay nagiging tulay sa mas madaling pag-access ng impormasyon at pagpapaliwanag ng mga paksa sa klase.

Sa pagsusuri ng bisa ng wikang Filipino bilang midyum ng pagtuturo, lumabas sa pananaliksik na 60% ng mga guro ang kumportableng gamitin ang Filipino sa pagtuturo ng MAPEH, habang 80% ang naniniwalang mas nauunawaan ng mga mag-aaral ang aralin kung ito ay ipinaliliwanag gamit ang Filipino. Dagdag pa rito, 50% ng mga guro ang nagsasabing Filipino lamang ang dapat gamitin bilang midyum ng pagtuturo, habang 70% ang naniniwalang angkop ang paggamit ng Filipino sa MAPEH. Lumabas din sa datos na 70% ng mga respondente ang naniniwalang mas mabilis na naiintindihan ng mga mag-aaral ang aralin kung Filipino ang gamit, at 80% ang sumang-ayon na ang paggamit ng wikang Filipino sa pagtuturo ay isang paraan ng pagpapakita ng pagmamahal sa sariling bayan.

Bagaman mas pinapaboran ng karamihan ang paggamit ng Filipino, may ilan pa ring naniniwalang may bisa rin ang Ingles bilang midyum ng pagtuturo. Lumabas sa pananaliksik na 50% ng mga guro ang naniniwalang angkop din ang paggamit ng Ingles sa MAPEH, kung saan 30% ang lubos na sumasang-ayon dito at 20% ang sumasang-ayon na sang-ayon. Ipinapakita nito na bagaman may suporta sa paggamit ng Filipino, may ilang guro na naniniwalang may papel din ang Ingles sa pagtuturo ng asignatura.

Sa pagsusuri ng interaksyon sa loob ng klase, lumabas na 70% ng mga guro ang naniniwalang mas nagiging mabisa ang interaksyon sa pagitan ng guro at mag-aaral kapag Filipino ang ginagamit sa talakayan, habang 20% ang nagsasabing ito ay "mabisa" at 10% naman ang nagsasabing ito ay "mabisa na mabisa." Dagdag pa rito, 70% ng mga respondente ang sumasang-ayon na mas mabilis na nauunawaan ng mga mag-aaral ang mga paksang pinag-aaralan kung Filipino ang ginagamit sa pagtuturo ng MAPEH, habang 20% ang nagsasabing ito ay "mabisa na mabisa" at 10% ang nagsasabing ito ay "mabisa."

Sa kabuuan, ipinapakita ng resulta ng pananaliksik na ang mga guro ng MAPEH 8 sa Labo East ay mas madalas gumamit ng teknolohiya, partikular na ang laptop at mga website, bilang pangunahing e-kagamitang pampagtuturo. Kaugnay nito, mas pinapaboran nila ang

paggamit ng wikang Filipino bilang midyum ng pagtuturo, dahil ito ay nakatutulong sa mas mabilis na pag-unawa ng mga mag-aaral at nagpapabuti ng interaksyon sa klase. Bagaman may ilan pa ring guro na naniniwalang may bisa rin ang Ingles sa pagtuturo ng MAPEH, mas nangingibabaw pa rin ang pananaw na mas epektibo ang paggamit ng Filipino sa pagpapaliwanag ng mga konsepto ng asignatura. Sa kabuuan, ipinapakita ng pananaliksik na ang paggamit ng wikang Filipino, kasabay ng integrasyon ng makabagong teknolohiya sa pagtuturo, ay nakapagpapabuti ng kalidad ng edukasyon sa MAPEH.

## KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Ang pag-aaral na ito ay nagbigay ng mahahalagang konklusyon tungkol sa paggamit ng mga guro ng iba't ibang kagamitang pampagtuturo sa asignaturang MAPEH. Natuklasan na ang laptop ang pangunahing gamit ng mga guro sa kanilang pagtuturo, habang ang website naman ang pinakagamiting e-kagamitan. Napatunayan din na lahat ng gurong respondent ay pamilyar sa iba’t ibang e-kagamitang pampagtuturo, na nagpapakita ng kanilang kahandaan sa paggamit ng teknolohiya sa edukasyon.

Sa usapin ng wika, lumitaw na ang madalas gamitin ng mga guro bilang midyum ng pagtuturo sa MAPEH ay ang wikang Filipino at Ingles. Gayunpaman, ayon sa mga respondent, mas nauunawaan ng mga mag-aaral ang mga aralin kung gagamitin ang wikang Filipino bilang pangunahing midyum ng pagtuturo. Dahil dito, napatunayan ding angkop ang paggamit ng wikang Filipino sa pagtuturo ng MAPEH, dahil mas nagiging malinaw at epektibo ang talakayan ng mga aralin.

Isa pang mahalagang natuklasan sa pag-aaral ay ang kahalagahan ng paggamit ng e-kagamitan sa pagtuturo ng MAPEH sa ikawalong baitang. Ipinakita ng mga tugon ng mga guro na ang paggamit ng mga e-kagamitang pampagtuturo ay nakatutulong upang gawing mas madali, malinaw, at epektibo ang pagtuturo. Bukod dito, mas nagiging interaktibo para sa mga mag-aaral ang paggamit ng e-kagamitan, na nagbubunga ng mas mataas na antas ng partisipasyon at interes sa klase.

Isa rin sa mahalagang output ng pag-aaral na ito ay ang pagbuo ng Mapehfil bilang isang alternatibong kagamitan sa pagtuturo ng asignaturang MAPEH. Ipinapakita ng pag-aaral na may mahalagang papel ito sa pagpapadali ng pagtuturo at mas epektibong paghahatid ng kaalaman sa mga mag-aaral.

Sa pangkalahatan, lumitaw na may positibong epekto ang paggamit ng e-kagamitan at wikang Filipino sa pagtuturo ng MAPEH. Pinatibay rin ng pag-aaral na may magandang interaksyon sa pagitan ng guro at mag-aaral kung gagamitin ang wikang Filipino bilang midyum ng pagtuturo. Ipinapakita nito na mahalaga ang pagbibigay-pansin sa mga kagamitang pampagtuturo at midyum ng wika upang mapabuti ang kalidad ng edukasyon sa asignaturang ito.

Mula sa natuklasan at naging resulta ng pag-aaral, nakabuo ang mananaliksik ng ilang rekomendasyon na maaaring maging kapaki-pakinabang sa mga paaralan, partikular sa mga guro at mag-aaral, lalo na sa paggamit ng mga e-kagamitang pampagtuturo. Iminumungkahi na bumuo ng mga e-kagamitang pampagtuturo sa MAPEH 8 gamit ang wikang Filipino, sapagkat ito ay makakatulong sa mas mabilis na pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga aralin. Dahil napatunayan sa pag-aaral na epektibo ang wikang Filipino bilang midyum ng pagtuturo sa asignaturang ito, mainam na ito ay palagiang gamitin ng mga guro upang mapadali ang proseso ng pagkatuto.

Upang mapanatili ang aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral, hinihikayat ang mga guro na maging maparaan at malikhain sa paggamit ng elektronikong kagamitan sa kanilang pagtuturo. Sa ganitong paraan, mas magiging epektibo ang talakayan at mas magiging madali para sa mga mag-aaral na maunawaan ang mga leksyon. Bukod dito, mahalaga ring hayaan

ang mga mag-aaral na maipahayag ang kanilang ideya o saloobin sa paraang mas komportable sila, nang sa gayon ay magkaroon ng mas produktibong talakayan at mas malinaw na pagpapalitan ng kaalaman sa loob ng klase.

Para naman sa mga susunod na mananaliksik na nagnanais ipagpatuloy ang ganitong pag-aaral, iminumungkahi na kumuha ng mas malaking populasyon ng mga respondent upang mas makita ang tugon ng nakararami at hindi lamang ng iilang guro o mag-aaral. Mabuti rin kung gagamit pa ng iba't ibang paaralan bilang sampol upang higit na mapalawig ang kaalaman hinggil sa mga kagustuhan at preperensya ng mga guro at mag-aaral sa paggamit ng e-kagamitang pampagtuturo sa MAPEH 8 gamit ang wikang Filipino. Sa ganitong paraan, mas magiging komprehensibo at mas makabuluhan ang mga magiging resulta ng pag-aaral sa hinaharap.

## MGA SANGGUNIAN

Abad, Ruedas, et al. (2001). Ang epektibong paggamit ng multimedia sa paglinang ng pagtuturo at pagkatuto. Orion, Bataan. Retrieved from http://udyong.net/teachers-corner/4759-ang-epektibong-paggamit-ng-multimedia-sa-paglinang-ng-pagtuturo-at-pagkatuto

Acelajado, M. (1993). Pagtuturo ng matematika sa wikang Filipino. MALAY, 12(1). Retrieved from https://ejournals.ph/article.php?id=7801

Acelajado, M. (1996). Epekto ng wikang Filipino at Ingles bilang midya sa pagtuturo ng Aljebra sa antas ng pagkatuto at atityud ng mga mag-aaral sa kolehiyo. Malay, 1. Retrieved from https://ejournals.ph/article.php?id=7823

Atienza, T. C. (2016). Training in developing e-modules using the Filipino language. Philippine Journal of Educational Technology, 30(1), 19-30.

Benson, C. (2005). The importance of mother tongue schooling for education quality: Universal education. Science and Culture Organization Commissioned Study. Retrieved from https://unesdoc.unesco.org/ark:/48223/pf0000146632

Bitonio, J. B. (2015). Mga kaugnayang pagpapahalaga ng e-kagamitan sa pagkatuto sa MAPEH 8. Journal of Educational Technology Development and Exchange, 8(1), 1-10.

Cummins, J. (1984). Role of language proficiency theory. Language learning theories of Professor James Cummins. Retrieved from https://hwb.gov.wales/api/storage/961cf8ce-8a2a-45e7-b175-30e1eaa374b8/5-LANGUAGEACQUISITION_vf.pdf

Dizon, G. D., De Guzman, R. G., & Orosco, L. B. (2019). Development of e-modules in MAPEH 8. International Journal of Scientific and Research Publications, 9(5), 613-619.

Dominguez, D. (2022). Ang paggamit ng wikang Filipino sa pagtuturo sa larang ng agrikultura. Retrieved from http://portal.bsu.edu.ph:8083/index.php/BRJ/article/view/312

Dongallo, R. O. (2016). Creative use of e-learning in teaching MAPEH. Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, 4(1), 31-38.

Fajilan, W., & Zafra, R. G. (2015). Ang gamit at kahalagahan ng wikang Filipino sa pagtuturo ng agham: Panayam kay Prof. Fortunato Sevilla III. HASAAN, 2(1). Retrieved from https://ejournals.ph/article.php?id=10014

Haixia, H. (n.d.). Theoretical models for teaching and research: E-learning theory. Retrieved August 25, 2022, from https://opentext.wsu.edu/theoreticalmodelsforteachingandresearch/chapter/e-learning-theory/

Johari Bin Mat, D. (2000). E-learning. Kuala Lumpur, Malaysia. Retrieved from http://udyong.net/teachers-corner/4759-ang-epektibong-paggamit-ng-multimedia-sa-paglinang-ng-pagtuturo-at-pagkatuto

Lardizabal. (1995). Ang epektibong paggamit ng multimedia sa paglinang ng pagtuturo at pagkatuto. Orion, Bataan. Retrieved from http://udyong.net/teachers-corner/4759-ang-epektibong-paggamit-ng-multimedia-sa-paglinang-ng-pagtuturo-at-pagkatuto

Pineda, K. G. (2018). Analysis of the effect of using e-learning modules on student learning in MAPEH. Journal of Learning and Teaching in Digital Age, 3(1), 54-64.

Sandoval, M. S. (2009). E-kagamitang pampagtuturo: Ang paghahanda ng guro sa panahong elektroniko. Retrieved August 22, 2022, from https://dokumen.tips/documents/e-kagamitang-pampagtuturo.html?page=4

Santos, Z. J. (2019). Ang antas ng institusyonalismo ng Sentro ng Wikang Filipino (SWF) Diliman bilang tagapamahala ng wika sa Unibersidad ng Pilipinas. MALAY, 31(2), 47-59. Retrieved from https://www.dlsu.edu.ph/wp-content/uploads/pdf/research/journals/malay/tomo-31/2/4-santos.pdf

Targholizadeh, H., Nikou, S. A., Goudarzi, M., & Pournemati, M. (2019). Using technology to enhance teaching and learning physical education. Journal of Human Kinetics, 66(1), 5-15.

Villanueva, R. A. (2017). Analysis of the difficulty of MAPEH 8 texts as reference for developing e-modules in Filipino language. International Journal of Humanities and Social Science Research, 6(2), 45-56.

Yana, W. K. (n.d.). Theoretical models for teaching and research: Multimedia learning theory. Retrieved September 12, 2022, from https://opentext.wsu.edu/theoreticalmodelsforteachingandresearch/chapter/multimedia-learning-theory/